

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos na Siya ay kapiling mo sa iyong nakaraan at kasalukuyan, at sa pangangalaga sa iyong kinabukasan. Ipanalangin na mas maranasan mo pa ang Kanyang presensya araw-araw.
- Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na maalala kung ano ang ginawa Niya para sa iyo at sa iyong pamilya sa nakaraan, at kung paano Niya maisasakatuparan ang Kanyang mga pangako sa iyo sa hinaharap.
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan at kapamilya na hindi pa nararanasan ang presensya ng Diyos, na maranasan Siya sa personal na paraan.

NOTES

AWESOME GOD

Ang Malayang Pag-iral ng Diyos

WEEK 1

WARM-UP

- Paano mo nakuha ang iyong pangalan?
- Sino ang maaasahan mo na laging tutulong sa iyo? Maaari ka bang magbahagi ng kuwento tungkol sa taong ito?
- May kuwento ba tungkol sa iyong pamilya na gustong-gusto mong ikinukuwento o paulit-ulit mong naririnig? Maaari mo ba itong ibahagi sa amin?

WORD *Sumagot ang Diyos kay Moises, "Ako nga ang Diyos na ganoon pa rin. Ito ang isagot mo sa kanila: 'Ang Diyos na ganoon pa rin ang nagpadala sa akin.'" EXODUS 3:14*

Sinabihan ng Diyos si Moises na pumunta sa mga Israelita at sabihin sa kanila na narinig Niya ang kanilang mga hinaing at palalayain na sila mula sa pagiging alipin ng mga Egipcio. Tinanong ni Moises ang Diyos, "Sino ang sasabihin kong nagpadala sa akin?" Tumugon ang Diyos, "Ako nga ang Diyos na ganoon pa rin. Ito ang isagot mo sa kanila." Ang mga salitang, "Ako nga" ay nangangahulugan na ang Diyos ay palaging nang nandyan. Walang mga paunang kondisyon, walang pinagmulan, at walang hangganan. Tingnan natin kung ano ang ibig sabihin nito sa ating nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

1 | Ang Diyos ay nasa iyong nakaraan.

Sinabi pa ng Diyos kay Moises, "Sabihin mo ito sa mga Israelita: 'Ang Panginoon, ang Diyos ng inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob, ang nagpadala sa akin sa inyo.' Kikilalanin ako sa pangalang Panginoon magpakailanman."

EXODUS 3:15

Una, ipinakilala ng Diyos ang Kanyang sarili kay Moises bilang ang "Ang Diyos." Ang Diyos ay umiiral nang higit pa sa nalalaman nating panahon at realidad. Ipinakilala ng Diyos ang Kanyang sarili kay Moises ayon sa kaugnayan Niya sa mga mamamayan ng Israel. Tinawag Niya ang Kanyang sarili bilang ang Diyos ni Abraham, ang ama ng mga mamamayan ng Israel; ni Isaac, ang himalang anak ni Abraham; at ni Jacob, na pinangalanang Israel. Ang Diyos ay nasa iyong nakaraan din, nangusap sa mga nauna sa iyo at nakakaalam ng mga plano Niya para sa iyo. Sa lahat ng pinagdaanan natin, mabuti man o masama, kasama natin ang Diyos. Hindi tayo kailanman naging mag-isa. Paano naging mabuti ang Diyos sa iyo at sa iyong pamilya sa nakaraan?

.....

.....

.....

2 | Ang Diyos ay nasa iyong kasalukuyan.

At sinabi pa ng Panginoon kay Moises, "Lumakad ka at tipunin ang mga tagapamahala ng Israel at sabihin mo sa kanila, 'Ang Panginoon, ang Diyos ng inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob ay nagpakita sa akin, at nagsabi na: Binabantayan ko kayo, at nakita ko ang ginagawa ng mga Egipcio sa inyo.'"

EXODUS 3:16

Nagsimula ang Diyos sa pamamagitan ng pagbibigay katiyakan kay Moises na Siya ang Diyos na nasa mga kuwento nila Abraham, Isaac, at Jacob. At sinabi Niya, "Binabantayan ko kayo, at nakita ko ang ginagawa ng mga Egipcio sa inyo." Sa lahat ng pagkakataon, bago pa nila maranasan ang kalayaan, pinangangalagaan na sila ng Diyos. Pinangangalagaan tayo ng Diyos ngayon at nakikita Niya ang mga nangyayari sa ating

buhay sa kasalukuyan. Paano nabago ng katotohanang ito ang paraan mo ng pamumuhay sa bawat araw?

.....

.....

.....

3 | Ang Diyos ay nasa iyong hinaharap.

"Nangako ako na palalabasin ko kayo sa Egipto kung saan naghihirap kayo, at dadalhin sa maganda at masaganang lupain - ang lupain ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, Perezeo, Hiveo at mga Jebuseo." **EXODUS 3:17**

Sinabi muna ng Diyos kay Moises kung sino Siya at pinatunayan ang Kanyang ugnayan sa mga mamamayan ng Israel. Pagkatapos ay tiniyak ng Diyos kay Moises na pinangangalagaan Niya ang mamamayan ng Israel. Sa huli, nagbigay ang Diyos ng isang pangako. Palalayain Niya sila mula sa pagkaalipin sa Egipto, at higit pa rito, dadalhin Niya sila sa isang mayamang lupain na puno ng kasaganaan. Magbahagi ng isang pangako na ibinigay sa iyo ng Diyos na hanggang ngayon ay pinanghahawakan mo pa rin.

.....

.....

.....

APPLICATION

- Paano umalalay sa iyo ang Diyos sa nakaraan? Magbahagi ng isang kuwento.
- Naniniwala ka ba na nakikita ng Diyos ang mga kasalukuyan mong kinakaharap? Paano mo maitatalaga sa Diyos ang iyong kasalukuyan ngayong linggo?
- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay nasa iyong kinabukasan? Ano ang isang pangako ng Diyos na pinanghahawakan mo? Mangako na pag-iisipan mo ang isang pahayag mula sa Kasulatan na kaugnay ng pangakong ito.